Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG OKTUBRE 17, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| *Kagalang-galang Florencio C. Odejar* | ... | *Kagawad* |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco. | .. | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 255-T2011**

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KAGALANG-GALANG JEROGE "ER" EJERCITO ESTREGAN, JR., PUNONG LALAWIGAN AT SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NG LAGUNA NA MAKAPAGPATAYO NG MONUMENTO SA LIWASANG SAN LUIS NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA PARA SA YUMAONG PUNONG LALAWIGAN FELICISIMO T. SAN LUIS.**

**SAPAGKA'T**, itinala sa lalawigan ng Laguna ang kabantugan at kadakilaan ng yumaong Punong Lalawigan Felicisimo T. San Luis;

**SAPAGKA'T**, siya na naglingkod ng pinakamahabang panahon bilang Punong Lalawigan ay itinuring na Ama ng Pag-unlad ng Agro-Industriyal sa Laguna;

**SAPAGKA'T**, siya rin ang nagpasimula sa lalawigang ito na tangkilikin ang programang pagpapplano ng pamilya, nagpalakas sa produksyon ng iba't-ibang uri ng palay sa pakikipag-ugnayan sa IRRI (International Rice Research Institute); tumulong at nagmalasakit sa pagtatayo ng daan-daang industriya sa Una at Ikalawang Distrito at umalalay at nagpatuloy sa paglaganap ng programang pangkabuhayan at pinaunlad na kagamitan at pagawaing inpraestraktura;

**SAPAGKA'T,** sa kanyang mga nagawa karapat-dapat na siya'y parangalan bilang "Anak ng Santa Cruz" na nagbigay ng papuri at pagpapahalaga sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** sa ibinantog at ipinangalang Liwasang San Luis mula sa kanyang pangalan, walang napatayong monumento na magpapaalaala at magpapagunita sa ating mga kabataan sa kanyang mga mahalagang nagawa at bilang bahagi sa bayan ng Santa Cruz maging sa lalawigan ng Laguna.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laarni A. Malibiran, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Humiling sa Kagalang-galang Jeorge "ER" Ejercito Estregan, Jr., Punong Lalawigan at sa Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan ng Laguna na makapagpatayo ng *monumento sa Liwasang San Luis ng bayan ng Santa Cruz, Laguna para sa yumaong Punong Lalawigan* Felicisimo T. San Luis.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Lalawigan Jeorge "ER" Ejercito Estregan, Jr., Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 17, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan